10

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan – USLeM 3)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Evelyn G. Medura, Teacher III, MNHS-Main |
| **Tagaguhit:** | Jon Christian Mejos, Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagalapat:** | Rezel N. Nacis, Teacher III, MNHS-Main |
| **Manunulat ng LAS:** | Evelyn G. Medura, Teacher III, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS - Filipino |
| | Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 3 | Kabesang Tales |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa modyul na ito ay magaganap ang iyong sariling pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman handog ko sa iyo ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

**Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:**

1. Natutukoy ang papel na ginampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng:
   - pagtunton sa mga pangyayari
   - pagtukoy sa mga tunggaliang naganap
   - pagtiyak sa tagpuan
   - pagtukoy sa wakas **(F10PB-IVb-c-87)**
2. Nabibigyang- kahulugan ang matatalinghagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata sa nobela sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa **(F10PT-IVb-c-83)**
3. Naiuugnay sa kasalukuyang mga pangyayaring napanood sa *video clip* ang pangyayari sa panahon ng pagkakasulat ng akda **(F10Pd-IVb-c-82)**
4. Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa:
   - pagkamakatotohanan ng mga pangyayari, tunggalian sa bawat kabanata at katangian ng tauhan **(F10PS-IV-c-86)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Tukuyin kung sino ang tauhang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa loob ng hugis heptagon.

1. Mabuti, tahimik at masipag na anak ni Tandang Selo.
   A. Basilio B. Kabesang Tales C. Huli D. Tano
2. Siya ang nangongolekta ng buwis sa kanilang barangay at kung hindi makapagbayad ang ilan ay kaniyang inaabonohan.
   A. Basilio B. Kabesang Tales C. Huli D. Tandang Selo
3. Dumukot kay Kabesang Tales na nanghihingi ng pantubos na 500 piso.
   A. Hermana Penchang B. Huli C. Tano D. Tulisan
4. Nagsanla ng mga alahas upang matubos ang kaniyang ama.
   A. Huli B. Gobernador C. Mga prayle D. Tano

5. Umangkin sa lupang sakahan ni Kabesang Tales.
   A. Huli
   B. Korporasyon ng mga prayle
   C. Gobernador
   D. Tulisan

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang kongklusyon at isulat ito sa patlang.

_____ 1. Maraming hirap ang tiniis ni Basilio sa ginawa niyang paglalakbay at lagi siyang nakararamdam ng takot sa tuwing makakikita siya ng guwardiya sibil sapagkat __________.
A. nakita niya si Tata Selo sa gubat
B. nararamdaman niya na gugulpihin siya ng mga ito
C. nagugunita niya ang kanilang kasawian sa mga kamay nito
D. baka siya utusan ng mga ito at hindi siya matuloy sa gagawin niyang paglalakbay

_____ 2. Iniisip ni Simoun na maaaring ipahamak siya ni Basilio at biguin ang kaniyang mga balak ngunit __________.
A. hindi pa rin siya nawawalan ng pag-asa
B. pinilit pa rin niya itong umalis na sa kanilang lugar
C. hindi niya ginawa dahil mahalaga ang binata sa kaniya
D. sa halip na saktan niya ito hiniling niya sa binata na makipagtulungan tungo sa paghihiganting dapat nilang isagawa

_____ 3. Nasabi ni Simoun na siya ay nagbalik upang __________.
A. magpakasal kay Maria Clara
B. makatulong sa bayang Pilipinas
C. makipagkasundo sa mga prayle
D. ang kasamaan ay ibagsak din sa tulong ng kasamaan

_____ 4. Sinabi ni Simoun kay Basilio na ang tungkulin nito ay ang pangunguna sa pagbuwag sa pintuan ng kumbento ng Sta. Clara upang __________.
A. magsimba kasama si Maria Clara
B. sunugin at patayin ang mga naroroon
C. madaling makapasok ang mga tulisan
D. kunin doon si Maria Clara na tanging siya lamang ang nakakikilala.

_____ 5. Minalas si Basilio nang pumunta kina Macaraig sapagkat __________.
A. namatay na si Kapitan Tiyago.
B. nakakain siya ng marami sa bahay
C. nawala ang pera na kaniyang dala-dala.
D. napasama siya rito na noo'y kasalukuyang dinarakip ng mga sibil.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

KAB. IV

### BASAHIN MO

### KABANATA IV
### KABESANG TALES

**MGA TAUHAN**

**Pangunahing Tauhan**

***Tandang Selo*** - ang ama ni Kabesang Tales. Siya rin ang kumalinga sa batang si Basilio sa gubat noong tumakas siya mula sa mga guwardiya sibil sa Noli Me Tangere.

***Kabesang Tales*** - ang naghahangad ng karapatan sa pagmamay-ari ng lupang sinasaka na inaangkin ng mga prayle.

***Mga prayle*** **-** ang siyang umangkin sa lupaing pinaghirapan ng pamilya ni Kabesang Tales

***Hermana Penchang*** - isang masimbahing manang at siya ay naging amo ni Huli.

***Hermana Bali*** - ang nagpayo kay Huli na magpaalipin nang kapusin sa salapi ang amang si Tales.

Si Tandang Selo na siyang umampon kay Basilio noong bata pa ay matanda na ngayon. Dahil pumuti na ang kaniyang buhok, hindi na siya nangangahoy. Ngayon ay gumagawa na lamang siya ng walis bilang aliwan. Si Kabesang Tales, anak ni Tandang Selo ay isa nang Kabesa de Barangay. Yumaman siya dahil sa sipag at tiyaga. Siya ang nangongolekta ng buwis sa kanilang barangay at kung hindi makabayad ang ilan ay kaniyang inaabonohan. Inisip niyang pag-aralin na sa kolehiyo si Huli upang makapantay kay Basilio na kasintahan nito. Dahil umunlad ang bukid ito ay inangkin ng mga prayle. Pinagbuwis si Kabesang Tales at tinaasan ang buwis sa tuwing anihan. Hindi na nakaya ni Tales kung kaya't lumaban siya bitbit ang pananalig na may katarungan subalit mailap ito sa kaniya. Nang umabot na sa dalawang daan ang buwis sa lupa ay hindi na nakuntento sa pagbubuntung-hininga at pagkamot ng ulo si Tales. Tumutol at nagreklamo. Sa galit dahil sa pagbabanta ng mga prayle na nagpipilit ng kanilang kapangyarihan sa anumang paraan dahil sa naroroon ang iba pang magsasaka, si Kabesang Tales ay naghimagsik. Tumanggi siyang magbayad ng kahit na isang pera. At matigas na nagsabing ipagkakaloob niya lamang ang kaniyang lupain sa unang lalaking didilig ng dugo nito.

Ipinakita ng mga prayle ang kanilang titulo ng lupa. Walang nagawa si Tales. Naging kawal si Tano. Di ibinayad ng kapalit ng anak. Aniya: Binungkal at tinamnan ang lupang ito, namatay dito at nalibing ang asawa't anak na dalaga (si Lucia) sa pagtulong sa akin kaya't di ko maibibigay ang lupang ito kundi sa sinomang didilig muna rito ng kaniyang dugo at maglilibing muna sa kaniyang asawa't mga anak." Kung kaya't hindi niya maibibigay ang lupa. At aniya pa rin sa pagiging kawal ni Tano:

"Ako'y bumabayad sa abogado. Kung mananalo ako sa asunto ay alam ko na ang aking gagawin upang siya'y mapabalik; ngunit kung ako'y matalo, di ko na kailangan ang anak." Tinanuran ni Kabesang Tales ang kaniyang bukid. Lagi siyang may dalang baril, gulok at palakol. Sa huli ay nahulog si Kabesang Tales sa kamay ng mga tulisan at ipinatubos. Isinanla ni Huli ang kaniyang mga hiyas liban sa isang agnos na bigay sa kaniya ni Basilio. Hindi rin nakasapat ang panubos. Ipinasyang mangutang kay Hermana Penchang at maglingkod dito bilang utusan. Noon ay bisperas ng Pasko at kinabukasan, araw ng Pasko ay maglilingkod na siyang alila. Masalimuot ang naging panaginip ni Huli nang gabing iyon.

http://kabanata4byandreacanaya.blogspot

Pag-unawa sa binasa:
1. Ilarawan ang buhay ni Kabesang Tales bago maging Kabesa de Barangay.
2. Ano-anong pagsubok ang dumating sa buhay ni Kabesang Tales?
3. Kailan nagsimulang magkaproblema si Kabesang Tales sa lupain?
4. Paano ipinaglaban ni Kabesang Tales ang karapatan sa lupain?
5. Sa inyong palagay, ano ang posibleng wakas ng kasaysayan ni Tales?

## GAWAIN

### Gawain 1

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang bawat kahon kung makatotohanan o hindi ang pahayag. Ipaliwanag ang iyong sagot.

| MGA PANGYAYARI SA AKDA | MAKATOTOHANAN | HINDI MAKATOTOHANAN |
|---|---|---|
| 1. Ipinaglaban ni Kabesang Tales ang kaniyang karapatan. Noon lamang nakasaksi ang mga mamamayan ng isang indiyo na nakipaglaban sa mga Kastila. (*Ipaliwanag)* | | |
| 2. Nagkaroon ng bulung-bulungan na nais pumatay ni Kabesang Tales kaya't nanaog ang kautusan ng | | |

| | | |
|---|---|---|
| Kapitan Heneral na nagbabawal sa paggamit ng baril. (*Ipaliwanag)* | | |
| 3. Bisperas ng Pasko at naging napakalungkot ang gabing iyon sa mag-ingkong sapagkat kinabukasan ay magsisimula nang mamasukan bilang alila si Huli. Si Tata Selo ay ayaw humiga at nakaupo lamang sa isang sulok sa buong magdamag. *(Ipaliwanag)* | | |
| 4. Gustong-gusto ni Kabesang Tales na mapag-aral niya ang kaniyang anak na si Huli. (*Ipaliwanag)* | | |
| 5. Hindi maipagbili ni Huli ang "locket" hangga't hindi niya naisasangguni kay Basilio. (*Ipaliwanag)* | | |

### Gawain 2

**Panuto:** Suriin ang katangian ng mga piling tauhan sa kabanata. Tukuyin ang kalakasan at kahinaan ng bawat isa.

| TAUHAN | KALAKASAN | KAHINAAN |
|---|---|---|
| 1. Tandang Selo | | |
| 2. Kabesang Tales | | |
| 3. Huliana/Huli | | |
| 4. Mga prayle | | |
| 5. Hermana Penchang | | |

### Gawain 3

**Panuto:** Ipaliwanag ang kahulugan ng matatalinghagang pahayag na ginamit sa kabanata at isulat sa patlang.

1. "Isipin mo na lang na lumaki ang buwaya!"
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. "Sa alikabok tayo babalik, Tatang, at wala tayong saplot nang tayo ay isilang."
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. "Kung mananalo ako sa usapin, malalaman ko kung paano siya mapababalik. Kung matatalo ako, hindi ko na kakailanganin ang anak na lalaki"
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4. "Kung nagbibigay ako ng limos sa pulubi para mawala na siya, mapipilit ba akong ituloy ito kung nakita kong sinasamantala niya ang aking kagandahang-loob?"
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5. "Napaglingkuran at pinaglilingkuran ko ang hari sa pamamagitan ng aking salapi at lakas," salita niya sa mga pumipigil sa kaniya. "Ngayon naman ay hinihingi ko sa kaniya ang katarungan at kailangang ibigay niya ito sa akin."____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

## TANDAAN

Ang pagkakaagaw ng Korporasyon sa lupain ni Tales ay nagpapahiwatig ng mga kasamaang umiiral noong panahon ng Kastila. Ang paghahanda ni Kabesang Tales ng baril, gulok o palakol ay nagpapakitang handang ipakipaglaban ng mga Pilipino ang kanilang karapatan. May mga Pilipino ring nagpapahirap sa kapwa Pilipino tulad ng mga prayle na pilit na inaagaw ang bukid ni Kabesang Tales hanggang mapasakanila ito.

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Panuto:** Piliin sa Hanay B ang katapat ng mga pahayag sa Hanay A tungo sa pagbuo ng isang makabuluhang kaisipan na kaugnay ng kabanata. Isulat ang letra sa patlang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____ 1. Nang magsimula na silang mag-ani ng kanilang unang pananim ay _____. | A. napagkaisahan ng mag-kakanayon na siya'y hiranging Kabesa ng Barangay |
| _____ 2. Isinanla ni Huli ang kaniyang mga alahas maliban sa _____. | B. kasunduang maninilbihan ito sa kaniya hanggang mabayaran ng dalaga ang pagkakautang. |
| _____ 3. Dahil sa nakaaangat sa kabuhayan sa kanilang nayon si Tales ay ______. | C. inangkin ang lupain na isang korporasyon ng mga paring nag-aari ng lupain sa karatig bayan. |
| _____ 4. Pinahiram si Huli ni Hermana Penchang ng salaping kailangan sa ________. | D. ibinigay ng korporasyon ng ng mga prayle sa iba |
| _____ 5. Natalo si Kabesang Tales sa usapin ng pinaghirapan niyang sakahan. At dahil sa kaniyang paglaban ay ____. | E. isang *locket* o agnos na ibinigay sa kaniya ni Basilio. |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Unawain ang bawat tanong at isulat ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Bakit matagal na hindi kinausap ni Tandang Selo si Kabesang Tales?
A. dahil gusto niyang makasama sa pagsasaka si Tano
B. dahil hindi niya binili ang bahay na gusto ng kaniyang ama
C. dahil hinahangad na maglingkod sa Panginoon ang kaniyang apo
D. dahil pinayagang magkawal si Tano at hindi ibinayad ng kapalit na maaaring gawin noon

_____ 2. Bakit sinabi ni Kabesang Tales na kung siya'y matatalo sa usapin ay hindi na niya kailangan ang anak?
A. dahil mamamatay na ang kaniyang anak
B. dahil magkakahiwalay na ang kanilang pamilya
C. dahil dadakpin ng mga kawal ang kaniyang anak
D. dahil wala na siyang maibibigay na kinabukasan sa kaniyang anak

_____ 3. Anong batas ang pumanig sa korporasyon ng mga pari upang makuha ang lupa ni Kabesang Tales?
A. Wala, dahil hindi ito mahalaga.
B. Mayroon, dahil kaibigan nila ang Kapitan Heneral.
C. Mayroon, dahil may katibayan sila na kanila ang lupa.
D. Wala, kundi ang batas ng pansariling kaligtasan *(self preservation)* ng mga eskribano at hukom na takot sa korporasyon ng mga kura.

_____ 4. Bakit kaya taon-taon ay tumataas at lumalaki ang ani nina Tales?
A. Mahusay na magsasaka si Tales.
B. Ipinagdarasal ng mga prayle ang ani ni Kab. Tales.
C. Dahil may ginagamit siyang abono sa kaniyang pananim
D. Upang maipambayad sa pataas na pataas na buwis na sinisingil ng mga prayle

_____ 5. Bakit kung kailan pa wala nang pera si Kabesang Tales ay saka siya dinukot ng mga tulisan?
A. dahil sa inutos ng mga prayle na dukutin ito
B. dahil gusto ng mga tulisan na makasama nila si Tales
C. dahil hindi agad matutubos at mapalalaya ang kabesa
D. dahil alam ng korporasyon na hindi makagaganti ang kabesa

## Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Iugnay sa kasalukuyang pangyayari sa lipunan ang nabasa, at napanood sa video clip ng Mendiola Massacre na may kaugnayan sa akda. Isulat ang kaisipan o mensahe nito.
***(https://www.youtube.com/watch?v=wsXocipaJKA)***

| PANGYAYARI SA AKDA | | AKING NABASA AT NAPANOOD SA YOUTUBE NA KATULAD NITO |
|---|---|---|
| 1. Pang-aabuso ng mga makapangyarihan sa mahihirap | ➡ | ***Kaisipan:*** |
| 2. Pag-unlad at pagbabago ng buhay dahil sa kasipagan | ➡ | ***Kaisipan:*** |
| 3. Pang-aalipin at pang-aapi sa mahihirap at mahihina sa lipunan | ➡ | ***Kaisipan:*** |
| 4. Pagkamkam ng mga taong mayayaman o makapangyarihan sa lupang pag-aari o pinaghirapang linangin ng iba | ➡ | ***Kaisipan:*** |
| 5. Pagmamalabis ng mga pinunong nakaupo sa kanilang katungkulan | ➡ | ***Kaisipan:*** |

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Panimulang Pagsubok**

1. B
2. B
3. D
4. A
5. B

**Balik-tanaw**

1. C
2. D
3. D
4. D
5. D

**Gawain 1**

1. Makatotohanan
2. Makatotohanan
3. Makatotohanan
4. Makatotohanan
5. Makatotohanan

**Gawain 2**

Mga katangian ng piling tauhan

Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

**Gawain 3**

Pagbibigay ng kahulugan ng matatalinghagang pahayag

Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

**Pag-alam sa Natutuhan**

1. C
2. E
3. A
4. B
5. D

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. D
2. D
3. D
4. D
5. B

## Sanggunian

Marasigan, Emily V. et al. Pinagyamang Pluma 10 Aklat 2 El Filibusterismo. Quezon City. Phoenix Publishing House. 2017

Ongoco, Tomas C. et al. Gabay sa Pag-aaral sa EL FILIBUSTERISMO.Quezon City. Manlapaz Publishing Company. 2007

*http://kabanata4byandreacanaya.blogspot*